Pangalan: ___________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Mga Uri ng Pang-abay**

**PANUTO:** Hanapin ang mga pang-abay na nasa loob ng mga pangungusap. Ilista sa talahanayan ang mga pang-abay sa bawat pangungusap base sa kanilang uri. Gamiting gabay ang halimbawa sa unang bilang.

1. Nagmamadaling lumakad si Marko upang bumili sa botika.
2. Tuwing kabilugan ng buwan, naglalakad si Marlon upang magpahangin at magmuni-muni.
3. Sa kabundukan na siya nanirahan nang ilang taon at doon na rin namalagi.
4. Ipinagbunyi ng taong-bayan ang kaniyang pagkapanalo nang buong sigla.
5. Taimtim na nanalangin ang mga tao habang lumilindol.
6. Agad niyang kinuha ang mga pinamiling prutas at gulay upang hugasan at iluto.
7. Bukas ay magmamasid sila sa paraan ng pamumuhay ng mga tao doon upang matiyak na sila ay sumusunod sa mga patakaran.
8. Mabilis na lumayo ang mga tao dahil sa takot at pangamba sa kanilang buhay.
9. Mahimbing na natutulog ang sanggol nang sila ay dumating kaya hindi na nila ito ginising.
10. Dali-daling tumakbo ang mga nakasaksi sa pangyayari at iniulat ang kanilang nakita sa kinauukulan.

| Pamanahon | Panlunan | Pamaraan |
|---|---|---|
| | | 1. nagmamadaling lumakad |